Education Bureau

Patakaran sa Edukasyong Kindergarten Suporta para sa mga Batang Hindi Nagsasalita ng Wikang Chinese

Ang maagang pagkatuto ng mga batang hindi nagsasalita ng wikang Chinese (Non-Chinese speaking - NCS) ay magpapadali sa pakikibagay nila sa pangunahing kurikulum at sa integrasyon sa lokal na komunidad. Ang mga magulang ng mga batang NCS ay hinihikayat na papasukin ang kanilang mga anak sa mga kindergarten (KG) kung saan may kapaligiran na malawakang ginagamit ang wikang Chinese sa lalong madaling panahon upang mapadali ang pagkatuto nila ng wikang Chinese. Kaugnay nito, ang Pamahalaan ay naglatag ng isang serye ng mga suportang hakbang para sa mga batang NCS sa mga KG.

In case of any discrepancy between the English version and the ethnic minority language version, the English version shall prevail.

(2019 isinapanahong bersyon)

Tagalog

Mga Suportang Hakbang para sa mga Batang Kindergarten na Hindi Nagsasalita ng Wikang Chinese

Pagtanggap sa mga Mag-aaral

- Lahat ng mga KG ay kailangang magtiyak na mayroong pantay-pantay na oportunidad sa pagtanggap ng mga bata maging anupaman ang kanilang lahi, kasarian at kakayahan, at ang kanilang makanismo ng pagtanggap na naka-base sa paaralan ay kailangang patas, makatarungan, bukas at sumusunod sa mga ordinansa ukol sa diskriminasyon.
- Ang mga KG ay pinaaalalahanang magbigay ng parehong Chinese at English na bersyon ng kanilang mga form ng aplikasyon pati na ng mga kaukulang impormasyon, at lumikha ng isang icon o magbigay ng isang simpleng mensahe sa English sa webpage ng paaralan upang mapadali ang pag-akses ng mga magulang sa bersyong English ng impormasyon. Kung ang mga panayam ay naisaayos na para sa mga batang NCS, ang KG ay kailangang mag-asikaso ng serbisyong interpretasyon at/o pagsasaling-wika para sa mga aplikante saan man kakailanganin o payagan ang mga magulang na masamahan ng isang kamag-anak/kaibigan na nagsasalita ng wikang Chinese sa panahon ng panayam upang mapadali ang komunikasyon.
- Nag-oorganisa taun-taon ng mga seminar para sa mga magulang ng mga batang NCS kaugnay ng pagpasok sa Nursery (K1). Nagbibigay ng serbisyong interpretasyon ayon sa naaangkop.
- Ang mga kaukulang materyal ni inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon (Education Bureau - EDB), tulad ng mga polyeto, poster, mga gabay na kasulatan at form para sa Aplikasyon para sa Sertipiko ng Rehistrasyon (Application for Registration Certificate) para sa pagpasok sa KG, ay isinaling-wika sa pitong pangunahing etnikong minoryang mga wika, kabilang ang Bahasa Indonesia, Hindi, Nepali, Punjabi (Indian), Tagalog, Thai at Urdu.
- Ang Balangkas ng KG (KG Profile), na inilathala sa parehong wikang English at Chinese, ay nagbibigay ng isang malawig na impormasyon tungkol sa paaralan, kabilang ang suporta sa mga mag-aaral na NCS, na siyang nagsisilbing kapaki-pakinabang na sanggunian para sa mga magulang sa pagpili ng paaralan.
- Kung ang mga indibidwal na mag-aaral na NCS ay mahaharap sa mga matitinding kahirapan sa pagsusumikap na makapasok sa mga KG, magtuturo ang EDB ng mga mapupuntahan, ayon sa naaangkop, sa mga KG na sumasali sa sistemang edukasyong KG (Scheme-KG) na mayroong mga bakante.

Naglilingkod sa mga Pangangailangan ng Mag-aaral na NCS

- Upang masuportahan ang mga KG sa paglilingkod para sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral na NCS, nagbibigay ng magkakaibang propesyunal na suporta na naka-basesa paaralan. Lahat ng mga KG ay maaaring magpatala upang sumali.
- Nagbibigay sa mga KG ng mga propesyunal na programang pagsasanay sa mga mag-aaral na NCS kaugnay ng pagtuturo at pagkatuto.
- Simula sa taon ng pagpasok 2019/20, pinino na namin ang karagdagang subsidiya sa suporta sa mga mag-aaral na NCS. Isang subsidiyang 5-tiered ang ibibigay sa mga Scheme-KG ayon sa dami ng mga mag-aaral na NCS na tinanggap para sa lalo pang pagpapahusay ng suporta sa mga mag-aaral na NCS. Ang mga KG na tumatanggap ng 1 mag-aaral na NCS ay tatanggap din ng subsidiya. Ang maksimum na probisyon sa taon ng pagpasok 2019/20 ay humigit kumulang na $780,000 kada taon.
- Upang matulungan ang mga KG na mapaganda ang komunikasyon sa mga magulang ng mga mag-aaral na KG, isang set ng Communication Cue Cards at isang set ng mga template para sa mga karaniwang ginagamit na lathalaing pang-paaralan ang isinaling-wika sa pitong pangunahing etnikong minoryang wika para sa paggamit ng mga KG.
- Ang isinapanahong KG Education Curriculum Guide (2017) ay nagtakda ng mga direksyon at mga prinsipyo upang mapadali ang integrasyon ng mga mag-aaral na NCS sa lokal na kapaligiran ng paaralan, pati na ang pagpapakilala ng mga tukoy na estratehiya at mga makabuluhang mapagkukunan ukol sa kung paanong matutulungan ng mga guro ang mga mag-aaral na NCS na matuto ng wikang Chinese.

Iba pang Impormasyon

Para sa karagdagang impormasyon o tulong, makipag-uganayan sa EDB:

Mga Telepono ng mga Regional Educational Offices:	
(HK) 2863 4646	(NTE) 2639 4876
(KLN) 3698 4108	(NTW) 2437 7272

Telepono ng Joint Office para sa mga Kindergarten at mga Child Care Centre:

3107 2197

Hotline para sa mga magulang ng mga batang NCS kaugnay ng pagpasok sa mga KG:

2892 6676

Iba pang mga makakatulong na website:

Sistemang Edukasyong KG
www.edb.gov.hk/free-quality-kg-edu_en

Mga Pag-aasikaso para Makapasok sa mga Klaseng Nursey (K1) sa mga KG
www.edb.gov.hk/k1-admission_e

Balangkas ng KG
www.chsc.hk/kindergarten/en/

Mga Serbisyong Pang-edukasyon para sa mga Mag-aaral na NCS
www.edb.gov.hk/ncs